7

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

FILIPINO

Unang Markahan – Modyul 11:
PROYEKTONG PANTURISMO



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q1_Filipino7_Module11

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Filipino – Baitang 7
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 11: Proyektong Panturismo
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	ERLENE O. DUMAGSA
Editor:	LELITA A. LAGUDA
	ALBERT JOHN P. AQUINO
Tagasuri:	SALLY A. PALOMO
Tagaguhit:	LHRYN T. JARANILLA
Tagalapat:	GUINEVIER T. ALLOSO
Tagapamahala:	ALLAN G. FARNAZO
	GILBERT B. BARRERA
	ARTURO D. TINGSON, JR.
	PETER VAN C. ANG-UG
	JULIET F. LASTIMOSA
	SALLY A. PALOMO
	GREGORIO O. RUALES

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XII
Office Address: Department of Education – Region XII
Office Address: Regional Center, Brgy. Carpenter Hill, City of Koronadal
Telefax: (083) 2288825/ (083) 2281893
Email Address: depedroxii.org Email: region12@deped.gov.ph

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag- aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Alamin

Kumusta ka kaibigan? Alam kong handang-handa ka na para sa panibagong talakayan. Ako si Kokoy at kasama ko ang aking Parekoy na si Dodong na gagabay sa iyong paglalakbay para sa araling ito.

Naranasan mo na bang mamasyal sa ibang lugar gamit *tour guide*? Makakita ng *video clip* na naglalaman ng kagandahan ng ating bansa?

Tamang – tama dahil ang modyul na ito ay inihanda upang malaman mo ang mga salitang maaaring gamitin sa paggawa ng proyektong panturismo at mapapaunlad ang iyong kakayahan sa pag-unawa ng mga salitang ginagamit. Ang paggamit ng tama at angkop na mga salita ay nakakatulong upang maging mabisa at kaakit-akit ang isang proyektong panturismo

Dito natin sisimulan ang ikalabing-isang yugto ng iyong pag-aaral. Tara na! Magsimula na tayo. Alam kong kaya mo iyan kaibigan, ikaw pa!

Maraming salamat sa pagpapakilala Pareng Kokoy.Kumusta ka kaibigan, bago tayo magpatuloy sa araling ito ay susubukin muna natin kung ano na ang alam mo tungkol sa araling ito.

Huwag kang mag-alala, ito ay panimulang pagsubok lamang. Nais kong sagutin mo ang mga tanong sa abot ng iyong makakaya. Kapag tapos mo nang sagutin ang mga katanungan, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo nang matapat ang iyong mga sagot. Kung handa ka na, umpisan mo na!

Subukin

PAUNANG PAGTATAYA

A. Bago tayo magpatuloy, tukuyin mo muna ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang **TAMA** sa patlang kung ito ay nagpapaliwanag ng tamang paggawa ng proyektong panturismo at **MALI** naman, kung hindi.

_____ 1. Naglalaman nang mahahalagang impormasyon tungkol sa isang lugar.
_____ 2. Ipinapakita ang mga magagandang tanawin.
_____ 3. Hinihikayat ang mga tao na tangkilikin ang kanilang likas na yaman.
_____ 4. Hindi naipakita ang kultura at paniniwala ng isang lugar.
_____ 5. Puro ibang bansa ang ipinagmamalaki.
_____ 6. Natutulungan ang industriya ng isang lugar.
_____ 7. Ang ibang lugar ay hindi naibabahagi ang kanilang mga likas na yaman sa ibang probinsiya.
_____ 8. Maraming turista ang nabighani sa mga katangi-tanging tanawin sa Mindanao.
_____ 9. Ipinakilala ang magagandang topograpiya at kakaibang hayop sa bansa.
_____ 10. Pinagbabawal ng iba ang pagpunta sa kanilang lugar upang hindi ito masira.
_____ 11. Ipinagmamalaki ng bawat probinsiya ang mga likas na yaman na mayroon ang kalikasan.
_____ 12. Isang paraan upang lumakas ang ating turismo sa ating lugar.
_____ 13. Naipamamalas ang tunay na diwa ng pagkakaisa ng mga tao sa isang lugar.
_____ 14. Magagandang tanawin at masasarap na pagkain
_____ 15. Ipinapakita ng lugar ang kanilang pagiging mayaman sa mga agrikultura at mga likas na yaman.

Mahusay kaibigan! Nagawa mo ang paunang pagtataya upang malaman ang iyong kaalaman hinggil sa ating mga paksang tatalakayin. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iskor na iyong nakuha dahil nakatitiyak ako na pagkatapos ng araling ito ay mapauunlad mo pa iyong kaalaman. Dagdagan mo lang ang iyong pagsisikap habang tayo'y nagpapatuloy.

Aralin 11 Proyektong Panturismo

A. PANITIKAN: Salitang Ginamit sa Paggawa ng Proyektong Panturismo

Pinakamahalagang Kasanayan sa Pampagkatuto: F7PT-Ij-6

- Naipapaliwanag ang mga salitang ginamit sa paggawa ng proyektong panturismo (halimbawa ang paggamit ng acronym sa promosyon)

Balikan

Kaibigan! Bago tayo tuluyang magpatuloy, magbalik-tanaw ka muna kaugnay sa paksang ating pinag- aralan noong nakaraang talakayan. Naalala mo pa ba ang mga salitang karaniwang ginagamit ng isang tour guide kapag ikaw ay pumupunta sa ibang lugar? Magaling! Halina't muli nating balikan. Ngayon, batid kong kayang-kaya mong gawin ang susunod na gawain. Gawin mo na!

Gawain 1: Ilahad mo!

Panuto: Maglahad ng limang paraan sa pagsusuri ng isang proyektong panturismo. Isulat mo ang iyong sagot sa loob ng mga bilog na makikita sa ibaba.

Magaling! Upang lalo mo pang mapagyaman ang iyong kaalaman kaugnay sa paksang tatalakayin, maghanda ka at tuklasin ang tungkol sa **Proyektong Panturismo.** Sige, simulan mo na!

Tuklasin

Kaibigan, naranasan mo na bang mamasyal sa isang lugar? Ano ang karaniwang makikita mo?

Tama kaibigan! Ang karaniwang iyong makikita kapag ikaw ay namamasyal ay ang mga tour guide. Sila ang nagbibigay ng mga impormasyon hinggil sa mga magagandang tanawin na iyong napuntahan.

Alam mo ba na may mga salitang ginagamit sa paggawa ng proyektong panturismo. Ang mga salitang ito ay iyong karaniwang maririnig mula sa mga tour guide bilang pagsulong ng turismo sa kanilang lugar.

Sa bahaging ito ng modyul ay may inihanda akong mga gawain na susukat sa iyong kaalaman hinggil sa iyong lungsod. Unawaing mabuti ang panuto. Sige na kaibigan, simulan mo na!

Gawain 2: Akronim mo!

A. **Panuto:** Bigyang kahulugan ang salitang GENSAN. Gamitin ang akronim sa ibaba na tumutukoy sa katangian at kagandahan nito.

G	
E	
N	
S	
A	
N	

Ano ang mga salitang iyong naisulat sa akronim ng salitang Gensan? Ito ba ay tumutukoy sa katangian ng lugar? Nagpapaliwanag ba ito sa gandang taglay ng siyudad?

- Dodong

B. **Panuto:** Bumuo ng sariling slogan hinggil sa magagandang tanawin sa iyong lungsod.

Suriin

Nagustuhan mo ba ang mga gawain na nasa bahaging tuklasin. Talagang napakagandang mapakinggan ang mga salitang naglalarawan sa iyong sariling lungsod.

Sa puntong ito, nais kung mabigyan ka ng sapat na kaalaman hinggil sa ating pag-aaralan. Handa ka na bang basahin ang mga impormasiyong ito. Alammo ba na ito ay nakatutulong upang palawakin ang iyong kaalaman hinggil sa halaga ng turismo sa ating bansa o sa ating lungsod. Sana'y maunawaan mo ng mabuti at iyong isaisip ang babasahing impormasiyon.

Simulan mo na kaibigan!

Ang turismo ay isa sa may pinakamahalagang naiambag sa ekonomiya ng ating bansa. Ito ay nagbibigay ng hanapbuhay sa ating mga local na mamamayan sa larangan ng indutriya, dahil dito naglalaan ng malalaking halaga/ pundo sa *advertisement* ang ating pamahalaan upang maitaguyod at maisulong ang industriyang panturismo sa bansa sa pamamagitan ng paggawa ng **proyektong panturismo** na nag layunin ay maipakilala at maipakita ang kagandahang taglay ng ating likas na yaman at maipaalam mga produkto, kultura, pasyalan, tanawin o iba pang makabuluhang bagay na makatutulong sa pag-angat ng turismo sa lungsod na kinaroroonan / sa bansa.

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga halimbawa ng proyektong panturismo na maaaring gamitin tulad ng poster, blog, audio-visual presentation (AVP), travel brochure, at presentasyon. Maipapalaganap ang mga proyektong ito sa tulong ng promosyong pantelebisyon, radyo, *internet, magazine*, diyaryo, *flyer, music video, video clip* at marami pang iba. Isa rin ito sa adhikaon ng pamahalaan upang tangkilikin, mahalin at

Ang mga salitang ginamit sa proyekting panturismo ay nagbibigay ng kaaya-aya sa mga turista. Ito ay naglalahad ng mga kaalaman mula sa mga lugar na karaniwang ginagamit ang mga salita kapag mayroong mga okasyon ang isang lugar o siyudad. Nakatutulong rin ang maayos na paghahanay ng mga salita sa paggawa ng proyektong panturismo upang mabigyan diin ang mensaheng nais ipabatid nito. Kailangan rin ang kaalaman sa paggmit ng wasto, malinaw at angkop na salita. Sa ganitong paraan maraming turista ang mahihikayat na bumisita sa ating bansa. Kaya't ating pahalagahan ang mayaman at natural na ganda ng ating kalikasan na biyayang ipinagkaloob ng maykapal.

- **Turismo** ay ang aktong paglalakbay o pagbisita ng isa o pangkat ng tao sa labas at loob ng bansa na may layuning makapaglibang, makapagnegosyo at iba pang gawain na may pansariling dahilan o pakay.
- **Turista** naman ang tawag sa sinumang manlalakbay sa ibang bansa
- **Programang panturismo** isang proyekto na may layuning makapaghikayat ng mga turista na magtungo sa isang particular na bansa sa mas madaling paraan upang mapuntahan ang mga destinasyon na nais puntahan.
- **Mga proyektong panturismo:**

    1. **Poster** – ito ay karaniwang parehong tekstwal at graphic ang elementong desenyo upang kapansin-pansin at makapagbigay- kaalaman o ideya sa kagandahan ng isang lugar.
    2. **Travel Brochure –** dinisenyo upang maging gabay sa paglalakbay at magkaroon ng ideya sa pook na pupuntahan.
    3. **Blog -** Nakalagay dito kung ano ang mahalagang imporamsyong nais mong ibahagi sa iba.
    4. **Audio - Visual Presentation (AVP) –** ito yong mga video, dokyumentaryo o presentasyon na nagpapakilala sa gandang taglay ng
    isang lugar upang bisitahin

Gawain 3: JINGLE KO! ENJOY KO!

A. Panuto: Gumawa ng sariling Jingle tungkol sa iyong lugar na napuntahan. Sa ibaba nito ay ipaliwanag ang mga salitang iyong ginamit.





Pagyamanin

Ipagpalagay natin na ikaw ay magaling na *blogger.* Gumawa ka ng iyong sariling *Vlog* gamit ang pamantayan na nasa ibaba.

Pagmamarka sa Gawain

PAMANTAYAN	INDIKADOR	PUNTOS	MARKA
Nilalaman	Maayos ang pagkakabuo ng konsepto	10	
Malikhain at may kawilihan	Nasasayahan ang mga manonood	10	
Kaayusan ng Ideya	Tama ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya	10	
Orihinalidad	Orihinal ang pagkagawa ng *Vlog*	10	
		KABUUAN	

Isaisip

Binabati kita kaibigan dahil naabot mo na ang bahaging ito ng modyul. Nagpapatunay lamang ito ng iyong determinasyon sa pagkatuto.

Ngayon, gumawa ka ng iyong sariling *advertisement poster* at *postcard.* Basahin at unawain ang panuto.

Gawain 4: Gawin mo, Poster mo!

A. Panuto: Gumawa ka ng iyong sariling *advertisment poster* tungkol sa inyong lugar.

Gawain 5: Gawin mo, Poscard mo!

B. Panuto: Gumawa ka ng sariling *postcard* tungkol sa iyong naging karanasan habang ikaw ay nagbabakasyon sa isang lugar. Nasa ibaba ang halimbawa nito kung paano gawin.

Halimbawa:



Isagawa

Gawain 6: Advertisement ko!

A. Panuto: Gumupit ng mga larawan na makikita mo sa pahayagan o sa *brochure*. Sumulat ka ng sarili mong *advertisement*. Pagkatapos ipaliwanag mo ang mga salitang iyong nagamit at ang kahulugan nito.

LARAWAN

_____

_____

_____

Pagpapaliwanag ng mga Salita

B Panuto: Bigyang kahulugan ang Akronim ng salitang **"SARBAYFEST"** na nasa ibaba.

S	
A	
R	
B	
A	
Y	
F	
E	
S	
T	

Tayahin

Napakagaling mo kaibigan! Mahusay mong nasunod at nagawa ang mga gawain sa modyul na ito. Ngayon naman ay susubukin natin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan na makikita sa ibaba. Isulat ang iyong angkop na sagot sa sagutang papel.

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang mga pahayag na nagsasaad tamang konsepto mula sa naitalakay at ekis (**x**) naman kapag hindi. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

_____ 1. Ang salitang proyektong panturismo ay nagbibigay kaaya-aya sa turista.

_____ 2. Mahalaga ang turismo sa isang bansa o lugar sapagkat ito ang malaking naiambag sa ekonomiya.

_____ 3. Turismo ang aktong palalakbay ng isang pangkat o tao sa loob at labas ng bansa

_____ 4. Naipapakita sa proyektong panturismo ang kagandahang taglay ng ating likas na yaman.

_____ 5. Maipalaganap ang mga proyektong panturismo sa pamamagitan ng mga saling bibig o salin dila.

_____ 6. Maraming kilalang mga sikat na personalidad ang pumupunta sa Mindanao dahil sa mga magagandang tanawin nito.

_____ 7. Mahalagang malaman ng isang lugar o lungsod ang estado ng kanilang ekonomiya.

_____ 8. Nakatutulong rin ang maayos na paghahanay ng mga salita sa paggawa ng proyektong panturismo.

_____ 9. Ang poster ay isang halimbawa ng proyektong panturismo.

_____ 10. Turista ang tawag sa sinumang manlalakbay sa ibang bansa.

_____ 11. Ang programang panturismo ay isang proyekto na may layuning manghikayat ng mga turista na magtungo sa isang partikular na lugar o bansa.

_____ 12. Ang blog ay isang mahalagang impormasyon na nais mong ibahagi sa iba.

_____ 13. Maraming lugar sa Filipinas ang nagkakaroon ng problema sa kanilang ekonomiya dahil sa kakulangan ng sapat na tao.

_____ 14. Mahalaga ang proyektong panturismo sa isang lugar o bansa dahil ito ay makatutulong sa pag-angat ng turismo sa lungsod.

_____ 15. Sa isang proyektong panturismo ay kinakailangan na gumamit ng wasto, angkop at malinaw na salita upang maraming turista ang mahihkayat na bumisita sa ating lungsod o bansa.

Karagdagang Gawain

Isang masigabong palakpakan para sa iyo kaibigan!

Matagumpay mong naisagawa at natapos ang mga gawain sa modyul na ito. Alam kong nahasa mo na ang iyong sarili mula sa iyong napag – aralan sa modyul na ito.

Ikinararangal ko ang iyong pagsisikap sa pag-aaral. Naniniwala akong maaabot mo ang iyong mga pangarap balang araw basta't ipagpatuloy mo lamang ang ganitong ugali sa pag-aaral.

Bago ka tumungo sa susunod na modyul, maghanap ka ng mga Advertisement Poster sa inyong bahay. Ipaliwanag ang mga salitang ginamit dito. Gawing gabay sa paggawa ang inihandang pamantayan na makikita sa susi ng pagwawasto.



***K**aibigan, binabati kita sa iyong matagumpay na paglalakbay sa aming lugar. Ikinagagalak ko na nakilala kita.*

***P**agbati sayo kaibigan sapagkat napagtagumpayan mo ang modyul na ito ng buong tapang at paghuhusay.*

***S**a muli, ito ang iyong kaibigang si Dodong na nag-iiwan ng isang paalaala na mag – aral ka ng mabuti upang maabot moa ng iyong minimitihi. Paalam hanggang sa muli!*

L**agi mong tataandaan na ako si Kokoy na iyong kaibigan na nag-iiwan ng isang katagang "laging isaisip at isa puso ang aral na natutuhan mo". Paalam sa iyong paglalakbay sa **Modyul 12:** **PANGWAKAS NA GAWAIN: PROYEKTONG PANTURISMO-HALIMBAWA NG NAPANOOD NA VIDEO CLIP AT PATALASTAS



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. /
2. /
3. /
4. /
5. /
6. /
7. /
8. /
9. /
10. /
11. /
12. /
13. \
14. /
15. /

Pagyamanin

1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. MALI
5. MALI
6. TAMA
7. MALI
8. TAMA
9. TAMA
10. MALI
11. TAMA
12. TAMA
13. TAMA
14. TAMA
15. TAMA

Tayahin

Paalala: Gamit ang inihandang pamantayan , guro ang siya magwawasto nito.

Pagmamarka sa Paggawa: Advertisment Poster

PAMANTAYAN	INDIKADOR	PUNTOS	MARKA
Nilalaman	May kaugnayan sa tema	5	
Pagkamalikhain	Maayos ang pagkakabuo ng konsepto	5	
Presentasyon	Maayos ang pagpapaliwang ng salitang ginamit nito.	5	
	KABUUAN		

Pagmamarka sa Gawain: Slogan

PAMANTAYAN	INDIKADOR	PUNTOS	MARKA
NILALAMAN	Maayos ang pagkakabuo ng ideya	10	
MALIKHAIN	Maganda ang pagkakagamit ng mga kulay at desinyo ng pagkasulat.	10	
ORIHINALIDAD	Orihinal ang pagkagawa ng slogan	10	
KABUUAN			

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph